Magasin ng BAGONG Buhay

Linggo, Abril 8, 1951

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES
LIBRARY



## Mga Parakaydista sa Ibabaw ng Munsan . . .

Ang mga parakaydista ay "may malaking nagagawa" sa alinmang larangan ng digmaan... Makikita sa larawan ang anim na aeroplano ng Estados Unidos samantalang naghuhulog ng mga parakaydistang kawal amerikano sa ibabaw ng Musan, hilaga ng Seoul. Kung anong "kapalaran" ang naghihintay sa mga "ibong kawal" na iyan ng Magkakaanib pagsayad nila sa lupa, ay walang tiyak na makapagsasabi—bagama't isang bagay ang di mapasusubalian: bahagi sila ng lakas na lumulupig sa kapangyarihan ng mga komunista at nakatutulong nang malaki sa pananagumpay ng mga kawal ng kalayaan sa digmaan sa Korea. (INP Soundphoto)




## Ang Pagluluto'y Nakalilibang

ni PURITA

Natio ang mga nanalo noong isang linggo sa patimpalak ng Purico ukol sa pagkakaloob ng "Mahahalagang Payo sa Pagluluto."

Upang maging masarap at magkakulay ang mayonesang isinabotelya, haluan ng binating pula ng itlog, ilang patak na katas ng limon, paminta at kaunting asin. — Gng. Cleofe E. Laguna, Abuyog, Sorsogon.

Kailangang isaayos ang paghahanda ng mga pagkain upang ito'y madaling maihain sa oras ng pagkain ng buong mag-anak. Laging isaulo ang mga kalutong madaling lutuin. — Bb. Pilarica F. Concepcion, 1427-A Leveriza, Malate, Maynila.

Huwag kailanman hahayaan sa lata ang mga pagkaing delata matapos mabuksan. — Joaquino Bagey, Libogon, Leyte.

Kung mamimili ng manok, tingnan ang mga dilaw na guhit sa ilalim ng pakpak. Kung malalaki at madidilaw ay tiyak na mataba. —R. A. Viola, 82 Suerte, Pasay.

Upang hindi masira o sumama ang lasa ng dugo ng baboy na gagamitin sa "dinuguan", haluan kaagad ng suka. — Gng Adelina Serrano, Legaspi City.

Upang makatikim ng lumpiyang masarap at naiiba ang lasa, gumamit ng singkamas sa halip na ubod o labong. Bb Fe Villanueva, 56 A Valeria, Iloilo City.

Bago magprito ng patatas, ibabad muna ito sa malamig na tubig. Patuyuin at saka iprito sa mantikang Purico. — Gng. Oceonia G. Evangelista, Candaba, Pampanga.

Kung magluluto kayo ng bibingkang tinapay o anumang uri ng "cookies", haluan ng pasas upang lalong sumarap. — Gng. Adelina M. Serrano, Legaspi City.

Ang tortang itlog ay hindi masisira o iimpis kung ilalagay sa mainit na salalayan pagkatapos maluto. — Gng. Grace F. Garcia, 74, Fuentes Singalong Subd., Maynila.

Ito ang nagtamo ng P10.00 Gantimpala ng Purico: Ang labis na "baking powder" at asukal ay siyang nagiging sanhi ng pag-impis sa gitna ng niluluto ng cake. Ganyan din ang nangyayari kung bubuksan ang pugon [illegible] lumipas ang 20 minuto. — Bb. Angelina Salazar, [illegible] Sta. Cruz, Maynila.

## Ang Tanging "Sagwil" Na Nalalaman Nila




Nalathala kamakailan sa "The Tampa Tribune", Estados Unidos. Inilalarawan ang isang kawal na sumasagisag sa Nagkakaisang mga Bansa, na siyang tanging tagapagtanggol ng malalayang mga bansa laban sa mga pananalakay at mapag-imbot na hangarin ng pandaigdig na komunismong kinakatawan nina Mao Tse-Tung ng Tsina at Stalin ng Rusya.








[illegible]




# SA LARANGAN NG DIGMAAN...



**Ang tila dagat-dagatang apoy na makikita sa larawan sa itaas ay likha ng bombang "Napalm" na ibinagsak ng Magkakaanib sa isang pook na tinggalan ng mga kagamitan ng mga pulaban sa Wonsan. Ang ganyang kakilakilabot na tanawin ay malimit masaksihan sa iba't ibang larangan ng paghahamok sa Korea bunga ng puspusang pamimiyapis ng Hukbo ng Nagkakaisang mga Bansa [illegible] komunista. Mapapansin sa gawing kaliwa, ibaba, ang isang malaking bodegang ganap na "nag-[illegible]" dahil sa malakas na pagsabog.**




Isang kawal ng Magkakaanib ang makikitang nagtatanod sa mga kawal komunistang bilanggo ng digma sa isang pook ng larangan sa Korea. Bagama't maraming kawal ng Magkakaanib ang pinagmamalupitan at pinapatay ng mga pulahan kapag nahuhulog sa kamay ng mga kaaway, ang mga bihag na pulahan ay pinakikitunguhan nang mabuti ng mga kawal ng Nagkakaisang mga Bansa at di sila gumagawa ng anumang hakbang na lumalabag sa mga batas ng digma (INP-.




Isang tangke ng Magkakaanib na nasasangkapan ng "flame-thrower" ang makikitang nagbubuga ng apoy sa isang lunggang kublihan ng mga pulahan sa malapit sa Ilog Han. Ang mga sandatang panunog na iyan ng Magkakaanib ay mabisang pamuksa sa mga kaaway at itinuturing na isa sa mga "makapangyarihang sandata" ng Nagkakaisang mga Bansa (INP).


# DO YOU KNOW?



ANG BOKSING SA KASALUKUYAN AY IBANG-IBA KAYSA NOONG UNANG PANAHON. NOON, ANG MGA BOKSINGERO AY NAKIKIPAGSUNTUKAN SA PAMAMAGITAN NG KANILANG WALANG SAPING MGA KAMAY, AT KADALASA'Y HINDI NA PINAHAHALAGAHAN ANG UKOL SA MGA TUNTUNIN SA KALIGTASAN.

**Sa kulong: "Labanan ng mga Higante — ang pagsasagupa nina Paddy Ryan at John L. Sullivan sa dakilang paligsahan para sa kampeyonatong pandaigdig sa mabigat na timbang, na ginanap sa New Orleans, La., noong Pebrero 7, 1882."**



OKLAHOMA A. & M.
basketball type championship shoes

Ngayong panahong ito, ang anumang laro ay nasasaklaw ng mga tuntunin na tumitiyak sa kaligtasan ng mga manlalaro. Ang mga makabagong sangkap at kagamitan sa laro ay siyang may malaking naidudulot at nagagawa sa bagay na ito. Ang isang pares ng sapatos na gomang ganap ang pagkakayari ay bahagi ng mga kagamitang nabanggit. Kayo'y laging makalilikha ng malaking laro at maliligtas sa lahat ng sandali sa pamamagitan ng isang pares na sapatos na gomang JACINTO!

Jacinto
RUBBER & PLASTICS CO., INC.
5TH AVENUE, GRACE PARK · TEL. 2-67-67

# Ipinagdiwang ang Linggo ng Wikang Pambansa at ang Kaarawan ni Balagtas

**Mga larawang kuha ni JOSE C. PAYAO**

NOONG ika-2 ng Abril ay ginunita ng iba't ibang sangay ng panitikan ang ika-163 kaarawan ng pagsilang ni Francisco (Balagtas) Baltazar, ang dinadakilang ama ng wikang pambansa ng mga Pilipino. Ang nasabing araw ay siyang pinakatampok ng maraming pagpaparangal na kaugnay ng ipinagdiriwang na Linggo ng Wika na nagsimula noong ika-27 ng Marso.

Ang mga samahang pangwika at pampanitikan ay siyang higit na nagbigay ningning sa idinaos na Linggo ng Wika sa pamamagitan ng mga palatuntunang lumuluwalhati sa kahalagahan ng isang wika sa isang bansang may isang watawat at may kalayaan, at ng mga aral ni Balagtas sa kanyang walang kamatayang "Florante at Laura."

Sa dahong ito ay nakalarawan ang ilan sa mga pagpaparangal na ginanap ng iba't ibang kalipunan ng mga manunulat at makawika bilang pagdakila sa ating "Linggo ng Wikang Pambansa."



Ang lupong bumubuo ng "Panitik ng Kababaihan" na nagdaos ng kanilang palatuntunan sa kaarawan ni Balagtas sa Surian ng Wikang Pambansa noong nagdaang Lunes. Nag-iisa sa kanyang uri, ang kalipunang ito ng mga manunulat na babae ay pinangunguluhan ni abugada Nieves Baens del Rosario at pangalawang pangulo si Gng. Hilaria Labog.



Si Dr. Jose P. Laurel nang mga sandaling bumibigkas ng talumpati bilang panauhing pandangal sa ginanap na pagpaparangal ng "Panitik ng Kababaihan" sa bulwagang Balagtas ng Surian ng Wikang Pambansa alang-alang sa araw ng kapanganakan ng dakilang makata ng lahi at ama ng wikang tagalog na si Francisco Baltazar, noong ika-2 ng Abril.



Samantalang tinatanggap ni Bb. Celia Fernandez buhat kay Prop. T. A. Agoncillo ang pangunang gantimpalang kinamit niya sa itinampok na timpalak-bigkasan sa palatuntunang ginanap sa auditoryum ng Philippine Normal College kaugnay ng pagdiriwang sa Linggo ng Wikang Pambansa sa nasabing paaralan.

# Sa Pagyao Ng Bawa't Araw...



**HABANG NAGDARAAN ANG MGA ARAW AY LALONG UMAANTAK ANG SUGAT NG PUSO NI HERMINIA SANTILLAN. NANG UMABOT NA SA SUKDULAN ANG KANYANG PAGTITIIS, AY...**

NAGING lubhang talusaling ang maliit na puso ni Herminia Santillan. Walang sandaling hindi may mga butil ng luhang gumigiti sa kanyang magagandang mata. Ang sanhi: si Marcial lamang ang siyang higit na nakatatalos sa lahat ng ito.

Sila'y magkababata ni Herminia. Batid ni Marcial na sa lahat ng mga binatang nagsisipagtiklop ng tuhod sa kagandahan ng dalaga ay siya ang lalong malapit sa puso nito. Nguni't ano ang kaligayahang maaari niyang maidulot sa isang kariktang bathalumang sinasamba at dinadalanginan ng maraming kaluluwang naghahandog ng maapoy na pag-ibig? Wala... wala nga.

Nang magbalik sa nayon si Herminia buhat sa isang tanyag na kolehiyo sa Maynila ay higit siyang naging maganda at kaakit-akit sa paningin ng lahat. Gayunman, napansin ng kanyang mga kanayon ang pagiging malulungkutin niya simula nang siya'y dumating.

May isang buwan nang siya'y namamalagi sa nayon, nguni't hindi manlamang nadadalaw sa kanilang tahanan si Marcial. Di niya malaman kung ano ang ipinagkakagayon ng binata. At isang araw... para pa siyang nabigla nang makitang dumarating buhat sa labas ng kanilang bakuran ang kanyang pinsang si Sonya na kasama si Marcial. Biglang tumahip ang kanyang dibdib. Waring may isang matulis na bagay na nagpakirot sa kanyang puso.

Nagyakap si Herminia at si Sonya. Nagpalitan sila ng mga halik sa pisngi. Mahigpit na kinamayan siya ni Marcial. Nadama ng binata ang panlalamig ng kanyang mga palad. Sa simula'y masaya ang kanilang pagbabalitaang tatlo. Nguni't nang may lihim na ibulong sa kanya si Sonya ay nabakas ang pagbabago ng kulay sa kanyang mukha. Lalong dumalas ang pagsikdo ng kanyang puso. Pinilit niyang ikubli sa kanyang mga kaharap ang pamumuo ng mga luha sa gilid ng kanyang mga mata.

Magdamag na lumuha si Herminia. At... mula noon ay naging masasaktin ang kanyang damdamin. Naging malulungkutin siya at para bagang ang lahat ng bagay ay nawalan na ng kabuluhan sa kanyang buhay.

Nagunita ni Herminia Santillan nang dumatal sa kanyang buhay ang isang maapoy at naglalagablab na simbuyo ng kaloobang di-nakayang supilin ng maliit niyang puso. Naging alipin siya ng mga pagtatangi ng binatang iyong natutuhan niyang ibigin at mahalin sa kabila ng malaking pagkakaagwat ng kanilang katayuan sa lipunan. Datapuwa't nang magising siya sa katotohanan, ay hindi na niya pag-aari ang pag-ibig niyon. Hindi na rin niya maaangkin ang puso niyon, sapagka't may iba nang higit na nagmamay-ari. Nasugatan ang kanyang puso. Nagkagahi ang kanyang damdamin.

Muling dumalaw si Sonya at si Marcial sa kanilang tahanan.

—Sumama ka naman sa amin, Herminia, kahi't na paminsan-minsan man lang, — anyaya ni Sonya. —Bakit ba gusto mo pang maglumagi sa bahay, kaysa magdadalo sa mga kasayahan? —tanong pa sa kanya ng pinsan. —Hindi ka naman dating ganyan, eh... Noong tayo'y magkakasama sa paaralan ay ikaw ang pinakamasugid sa lahat ng ating mga kamag-aaral sa pag-aanyaya sa gayon at ganitong pagtitipon! Pati na rin si Marcial, — patuloy ng nagsasalita, — ay nakapupuna sa iyong biglang-biglang pagbabago ng ugali, buhat nang dumating ka at mauwi rito sa ating nayon...

—Siyanga naman! —sambot ng binatang tinukoy. —Parang hindi mo ikinagagalak ang ating muling pagkikita, magbuhat nang ikaw'y maluwas sa Maynila.

Nagkatama ang kanilang mga paningin. May kumislap na liwanag buhat sa mga mata ni Marcial, na di nakaila sa mga titig ni Herminia, bagay na lalong nakapagpasikdo sa dibdib ng dalaga.

—Hindi naman sa gayon!— —nakangiti, nguni't bahagyang may pangangatal ang kanyang tinig. —Kayo na lamang... Tila masama ang pakiramdam ko sa aking katawan. —pagdadahilan pa ni Herminia. —Saka na, sa ibang pagkakataon, marami pa namang araw na darating...

—Baka naman talagang ayaw mo lamang sumama sa amin, pinsan! —usisa pa rin ni Sonya, —O, may ibang kadahilanang hindi namin dapat na mabatid...

—Sabihin mo, Herminia... — maliksing sambot ni Marcial.— Sa lahat ng oras ay nakalaan akong maglingkod kailanma't sa iyong kaligayahan. Matagal ko nang napapansin ang iyong pagiging malulungkutin at sa tuwi kitang kakausapin ay napupuna kong umiiwas ka, na para bagang may itinatagong hinanakit.

Sandaling hindi nakakibo si Herminia. Nasalang ni Marcial ang pinakamaselang na bahagi ng kanyang damdamin. Aywan kung napansin ng binata ang mga luhang ibig magsibakod sa mga mata ng dalaga, at ang panakaw na buntunghiningang tinangay ng hangin buhat sa nagsisikip na dibdib.

—Huwag kayong mag-alaala! —mahinang tugon ni Herminia. —Bayaan ninyong ako na lamang ang maging taga-pagdalangin sa mga kaligayahang pinapangarap ninyo at hinahangad ko rin sa inyong dalawa.

Nagkatinginan sina Marcial at Sonya. Kitang-kita ni Herminia ang pagpapalitan ng mga ngiti ng kanyang mga panauhin.

—Totoo nga ba, pinsan? — pabirong tanong ni Sonya. — Kung gayon... ngayon pa'y inaasahan ko nang ikaw ang siya naming magiging pangunahing abay ni Marcial sa pagharap namin sa Dambana.

Maingat na tinitigan ng binata si Herminia. Nakangiti itong nagsalita, samantalang parang binabayo ang puso ng dalaga

—Ituturing kong isang malaking karangalan, Herminia, — anito, —kung sa aming pag-iisang-dibdib ni Sonya ay ikaw ang tanging babaing siyang magiging mahalagang saksi sa harap ng Altar. Walang kahambing na kaligayahan marahil ang aking madarama sa mga sandaling iyon...

Nang makaalis na sina Sonya at Marcial ay nahilam sa masaganang luha ang mga mata ni Herminia. Naramdaman niya ang mabibigat na alalahaning nakapataw sa kanyang dibdib. Yaon ang mga sandali at araw nang pagkatapos sa kanya ng lahat.

At... sa pagyao ng bawa't araw ay nadarama niya ang unti-unting paglapit ng walang pangalang pagmamaliw ng nagiisang kaligayahan sa kanyang buhay—katumbas ng mapait na kamatayan ng kanyang mga pag-asa.

Sa di-kawasa'y sumapit ang araw na kinatatakutan ni Herminia.

—Nakahanda ka na ba, Herminia? —narinig niya ang tinig ni Sonya mula sa kabilang silid na kanyang kinalalagyan. — Dalidaliin mo at baka tayo mahuli sa pagpunta sa Simbahan! Doon na raw tayo hihintayin ni Marcial.

Minsan pang nagbatis sa mga

(Buklatin sa pahina 12)

**Kuwento ni MARIO MIJARES LOPEZ**

# NANG MAGDAAN ANG DALUYONG



## MGA ULAT AT KURUKURO UKOL SA DIGMAAN SA PILIPINAS

*Sinulat ni Faustino Aguilar*

**(KARUGTONG)**

Ang Amerika ay nakikipagdigma sa Hapon hindi dahil sa ibig niyang maangkin ang Pilipinas, kundi sa pagkaibig mamagali at mapangalagaan dito ang simulain ng pagkakapantay-pantay. Sa mga talumpati ng mga pinuno ng Hukbong Hapon, lalo na ang sa dating Punong Pinakamataas dito sa Pilipinas, Hen. Homma, ay kanilang inalipusta ang mga simulain ng pagkakapantay-pantay, ang mga simulain ng kalayaan sa ilalim ng gayong pamahalaan. Sa ganito ay maliwanag na mapanlinlang at hindi tapat na inyong sabihin, na kayo ay hindi maka-Hapon ngayong ginagawa ninyo ang lahat ng kaya upang ang taga-Panay ay sumuko. Sinasabi ninyo na kayo ay hindi maka-Hapon at hindi rin maka-Amerikano, kundi maka-Pilipino. Ano ang ibig ipakahulugan sa sinasabing kayo ay maka-Pilipino? Ano ang mga simulaing inyong pinanindigan sa inyong pagka-maka-Pilipino? Anong pambansang simulain ang inyong tinutukoy at nasa inyong isip sa pagsasabing kayo ay maka-Pilipino at hindi maka-Hapon at hindi rin maka-Amerikano? Kung kayo ay mayroong anomang tiyak na simulain at hangarin, naniniwala ba kayong iyon ay makakamit na maginhawa sa ilalim ng isang pamahalaang mapanlagom at makahari kay sa ilalim ng isang pamahalaang nasasalig sa pagkakapantaypantay? Mangyari lamang gumawa kayo ng isang tiyak na ulat ng inyong pagka maka-Pilipino laban sa pagiging isang maka-Hapon o kaya'y sa pagiging isang maka-Amerikano. Sa ibang kataga, ay sa anong tiyak na paniwala nasasalig ang inyong pagka maka-Pilipino?

Tiyak na kayo ay mali sa inyong pagsasabi sa akin na walang ano mang dapat ikahiya o walang ano mang dapat makapusyaw ng karangalan sa gawang pagsuko. Iyan ay maaaring totoo, kung ang pangyayari ay nasukol ang mga kawal na sumuko, ng mga kalaban na mayroong mahigit na lakas, at wala na nga silang iba pang paraang makaiwas. Sa ganyang pangyayari at sa ganyang pagsuko ay wala silang tinalikdang simulain ng isang mabuting pamahalaan, at ng ano mang paniniwala sa buhay, na sa kanila ay nagbudlong na lumabang taglay ang kabayanihan at tapang — na gaya na rin ng inyong sabi. Kung ako ay susuko, at kasama ko ang mga tao, dahil sa inyong anyaya at sa inyong pagtiyak na wala akong dapat ipanganib, gayon din ang aking kaanak at pati ng mga kasamahan ko; ang magiging kahulugan noon ay isusuko ko ang isang bagay na higit na mahalaga kay sa angkin kong buhay, ang simulain ng pagkakapantay-pantay, ang katarungan at gayon din ang dangal at kapurihan ng ating bayan.

Aking napuna na inyong pinakaliwanag sa inyong liham ang tungkol lamang sa kapayapaan at katahimikan ng ating bayan. Hindi ko maalaman kung inyong nakaligtaan o kung inyong sinadyang limutin, ng inyong malimutang tukuyin ang, tungkol sa dangal at puri ng ating lahi. Tila mandin inyong nakalimutan ang mga banal na damdaming ito, gayong ang mga Hapon ay bahagya nang nakaiisang taon dito sa ating bayan. Dahil sa gayo'y maliwanag na malaki ang pagkakahidwa ng inyo at ng aking paraan sa pag-akay sa ating bayan sa panahong ito ng mga kahirapan. Kayo at ang inyong mga kasamang "tau-tauhan" ay nagsisikap na ang mamamayan ay mabigyan ng kapayapaan at katahimikan sa pamamagitan ng pagyurak sa kanilang dangal at kapurihan, nang walang ano mang paghihirap, at kung mayroon man sakali ay ang lalong pinakamagaan. Sa kabilang dako, kami nama'y nagtuturo kung paano ang paghihirap at pagpapakasakit na kailangan upang maitaguyod ang banal na simulaing pambayan at may saligang batas na pamahalaan, upang sa gayong paraan ay mapamalaging banal at walang dungis ang kanilang dangal at kapurihan. Sa ibang pangungusap, ang inyong ginagawa ay piliting maakay ang bayan sa kapayapaan at pananahimik, nguni't sa landas ng kaimbihan, hiram ko sa inyo ang salitang ito. Ang kapayapaan at katahimikan ay madaling makakamit, kung ang pipiliin ay ang pinakamaginhawang paraan; nguni't sa gayon, kayo ay mabubuhay na ang dangal ay mababa kay sa karangalang dapat na taglaying talaga ng isang tao. Sa gayong paraan ay mapapatulad ang bayan natin sa kalabaw na namumuhay sa kapayapaan at katahimikang gaya ng inyong sinasabi — kahambing ng isang kalabaw? Hindi ba ito'y maliwanag na pagpapakaimbi?

Binanggit din naman ninyo ang pagkamaawain ng mga Hapon, dahil sa kanilang pinalaya ang mga kawal na Pilipino na kanilang nabihag. Tungkol sa bagay na ito ay ipahintulot ninyong itanong ko ang ganito... hindi ba totoo na ang mga dating tauhan ng USAFFE ay naglilingkod ngayon sa PC, na nasa ilalim ng Hukbong Hapon at pilit na pinalalaban upang pumatay ng kanilang mga kababayang hangga ngayon ay lumalaban pa kahi't di sapat ang kasangkapan, nguni't taglay ang kagitingan at banal na paniniwala sa kanilang simulain? Naniniwala ba kayo na isang karangalan ni Juan Quimbo, dati ay may taglay sa kanyang balikat na bituin ng Hukbong Pilipino, (na nagpapakilala ng katapangan at lakas ng loob ng ating bayan at kagitingan ng ating pamahalaan) ang ngayo'y kanyang pilit na ituro ang pagtanggap natin ng isang pamahalaang "mapanlagom at makahari?" Ipinalalagay ba ninyong sa kanyang ginagawa, ay napalalaki niya ang karangalan ng kanyang bayan?

Nasasaktan akong basahin ang bahagi ng inyong liham na nagsasabing kayo at ako, nang panahong lumipas, ay magkaparis ng paniniwala tungkol sa pagkakapantay-pantay at sa kalayaan, nguni't kinailangang baguhin ang paniniwala ninyong iyon dahil sa "kapayapaan at katahimikan." Paano ninyong masasabi nang buong katapatan at katotohanan, na mangyayaring kayo ay magtamasa ng kapayapaan at katahimikang iyan kung sa sarili ninyo ay hindi matapat sa inyong paniniwala? Ibig ba ninyong ipakahulugan at sabihin sa akin, na binago ang inyong dating paniniwala, dahil sa ang palagay na iyon ay hindi tum-

pak o dahil sa minabuti ninyong ipaibabaw sa kapakanan ng inyong bayan ang inyong sariling kapakanan? Mangyayaring inyong nabasa ang kasaysayan ni Lincoln, na nagkaroon ng paniniwalang kanyang pinanindigan, na ang paghiwalay ng mga taga Timog sa mga Taga Hilaga, ay MALI. Kaya't nang siya ay maging Pangulo, at ang mga Taga-Timog ay humiwalay sa Taga Hilaga, ay hindi siya nag-atubili ng paggamit ng lakas upang mapilitan ang mga Taga Timog sa pananatiling kasama ng mga Taga-Hilaga. Ang naging wakas nito ay ang pagkakaroon ng digmaan ng Taga Timog at Taga-Hilaga, isang kakila-kilabot na paglalabanan, na alinsunod sa pagtaya ng mga dalubhasang manunalat, ay nagbunga ng pagkamatay ng maraming tao, ng kahirapan at ligalig na mangyayaring ihambing lamang sa unang digmaang pandaigdig. Ang paghihirap ng mga Taga Timog ay kasakitsakit, nguni't ang bansa ay nailigtas sa pagkawasak at ang Amerika, sa gayong pangyayari, ay naging isang bansang malakas at pinagpitaganan ng mga ibang bansa sa daigdig. Kung binago ni Lincoln ang kanyang paniniwala at ang kapayapaan at katahimikan ay kanyang ipinagpilitan at ipinaganyaya na tulad ng inyong ginawa, mangyayaring ang Amerika ay inabot ng isang kakila-kilabot na kapahamakan. Ngayong na sa harap natin ang aral na ito ng kasaysayan ay minamabuti ko na at aking pinipili ang mabuting halimbawa ni Lincoln kaysa inyong paniwala at paniniwala naman ng mga "tau-tauhang" kasama ninyo. Sa ibang kataga ay buong pagtitibay kong tinatanggihang baguhin ang aking paniniwala ng dahil lamang sa pansamantala at hindi kapanipaniwalang pangako, na kapayapaan at katahimikan.

Ibig ko kayong pasalamatan sa pagpapaalaala sa akin ng isinulat ni Hen. Bell kay Mabini na, ang pag-asa lamang na mangyayaring magtagumpay ang siyang tanging katwiran sa pakikidigma, at kung mawala na ang gayong pag-asa, ay hinihingi ng kabihasnan, sa kapakanan ng katauhan, na ang natalo ay dapat nang sumuko sa nanalo. Sa inyong pagtawag ng aking pansin sa liham ni Hen. Bell, ay ginawa ninyo ang banal. na pagtiyak na ang Amerika at ang kanyang mga katulong ay wala nang pag-asang talunin ang Hapon at kanyang mga kaanib. Dito ay maliwanag na kayo ay muling nagkamali. Kayong mga nagsisuko sa Hapon, ay walang ano mang balitang natatamo kundi iyong mga ibinibigay nila sa inyo. Ipinakikilalang muli, na hindi ninyo batid ang tunay na nangyayari ngayon. Upang inyong mabatid at maalaman ay bayaan ninyong sabihin ko sa inyo, na sa araw-araw ay hinuhukay na pailalim ng Hapon ang kanyang sariling libingan sa New Guinea. Sa Tsina at sa Burma, siya ay na sa pag-urong at nawawalan ng malaking sakop, na dati na niyang nakuha. Sa Europa, ang Alemanya ay patuloy sa pag-urong na tinutugaygayan ng mga Ruso. Sa Aprika, ang Tripoli at Tunisya ay nahulog na sa mga kamay ng magkakatulong. Ang Italya, araw-araw ay hinuhulugan at niwawasak sa pamamagitan ng mga bomba. Ang mga Italyano ay di malalaon at hihingi ng sarili at hiwalay na kapayapaan. Sa Hunyo, ang Pilipinas ay kukuning muli sa Hapon, tiyak na tiyak. Sa susunod, ay ano ang inyong gagawin?—babaguhing muli ang inyong paniniwala? Salamat na muli, sa inyong pagpapaalaala sa mga kataga ni Hen. Bell sa kanyang liham kay Mabini, sapagka't ang mga katagang iyon ay nagpapatibay, higit kailanman, ng aking paniniwala at pag-asang ang tagumpay ng Amerika at kanyang mga katulong sa ibabaw ng Hapon at kanyang mga kaanib, ay kasinliwanag ng sikat ng araw.

Ako ay umaasa na sapat nang paliwanag ang aking nagawa upang inyong mabatid ang aking katayuan. Ako ay hindi susuko hanggang ako ay nakatitindig sa aking mga paa. Mangyayaring ang mga tao ay magdanas ngayon at mangyayaring sila ay dumanas ng higit pang hirap sa darating o susunod na anim na buwan. Alinsunod kay Apostol San Pablo: "Ang mga hirap at sakit sa kasalukuyan ay hindi sapat na ihambing sa ginhawang darating sa atin at sa atin ay ipamamalas."

Alinsunod sa isang dalubhasa at matapat na alagad ng pananampatalaya, "Sa pagdating ng oras ng ating katubusan ay walang magiging kabuluhan sa atin ang mga pag-asam at kalungkutan ng ating pinagdaanan." Gayon din, ay kanyang sinabi: "Ang mga hirap at pagpapakasakit ay nagbibigay ng pagkakataon sa pagsasanay sa maraming mga katangian—mga katangian na humuhubog ng kagitingan at kabanalan ng kaluluwa. Sinabi rin niya na: "Ang pinakamagaling na tugtugin sa puso ng tao ay dumarating sa araw ng pagsubok ng katangian; ang pinakamatamis na mga awit ay inaawit sa gitna ng kalungkut,-tan, at ang mga katangian ng asal ay nahuhubog sa panahon ng pagdanas ng mga kahirapan."

Sa wakas, ay kanya pa ring sinabi: "Ang hirap at sakit ay humuhubog ng pagkalalaki at sumusubok sa kadalisayan ng hangarin." Ito ang siyang lalong hinihingi ng pagkakataon, —ANG PAGPAPAKALALAKI."

Lakip ang lalong kaibig-ibig na alaala at nawa'y basbasan kayo't patnubayan ni Bathala, ako ay,

Laging matapat sa inyo,

TOMAS CONFESOR

Dr. Fermin Caram
Lunsod ng Iloilo

———oOo———

**TATAWIRIN ANG RUBIKON?**

Napadaos nga sa dulaang Metropolitan ang ibinabalang pagpupulong ng mga kinatawan ng Kalibapi, noong ika-18 nitong Hunyo ng 1943. Gaya ng sukat maakala ay pinagbuting inihanda ng mga bagong alagad, ang pagpupulungang dulaan, upang mapabagay sa idaraos na pagkakatipon.

Higit sa lahat ay pinagpilitang panay na magkakadamdamin lamang ang makapasok na mga mga kinatawan. Ang pagbibigay, ilang araw pa muna bago dumating ang kaarawan ng pulong, ng mga sadyang palatandaang ikakabit sa dibdib, ay ikinalayo ng pulong sa "panganib" na baka magkagulo ang magsisilupo. Kailangang taganas na "maaamo" lamang ang doo'y matipon, at lahat ng pag-iingat ay ginawa upang ang "palabas" ay huwag mabigo. Nguni't ang totoo'y masasabing dinaan sa pilit, ang paglalagay ng mga kinatawan at gayon din ang pagpapadalo sa magsisipasok. At naging malaya man sa balana ang pagpasok, ang tunay na bayan ay hindi pumaroon. Ito ay walang malasakit sa sanhi ng pagpupulong, bagkus nagpapalagay na ang gagawin ay isang tunay na pangangahas. Alinsunod sa sabihanan, iyon ay isang pasikat ng mga nagmunukala upang lalo raw marahil magsilaki at mapamahal sa napapapanginoon. Ang paghihinala ng bayan ay sapinsapin at nakararating na sa matinding hinanakit.

Napaghinanaktang lalo si G. Benigno Aquino, ng Tarlak, may hangad daw makarating sa tugatog ng dangal at kapangyarihan sa mga araw na ito ng matuling pagdakila, na nagsamantala sa pagkakaton upang magpasikat sa kanyang talumpati. Pinakapuri na di-umano ang Hapon dahil daw sa di-matatawarang kagandahang loob niya sa pagkakaloob na gagawin ng kasarinlan, ay pinakahuluganan pa ang sagisag ng Kalibapi, bandilang kulay pula na may isang maputing bilog sa gitna, sa isang paraang ikinagulantang ng lahat na nakarinig. Di-umano ang puting mabilog sa gitna ng mapulang kinalalagyan ay... ang banal na ostiya na napaiibabaw sa isang karagatang dugo, na ang ibig sabihi'y namumukod ang kalinisan sa dumadaloy na dugo. Ang sabihanan ng mga nakarinig ay kanyang kusang binaligtad ang katotohanang nangyayari ngayon, na ang kalinisang dapat na mapatampok kailanman ay pinagpipilitang malunod sa dugo, ng katampalasanang pinapaghahari ngayon ng mga hapon sa lahat ng dako. Sa malayo na umaabot ang pagmamaselang ng bayan.

Ang pulong nga ay naidaos nang alinsunod sa paraang binalak ng mga nagmunukala. At upang huwag makapusyaw ang di pagdalo ng marami gayong ang ibig pa namang ipakita sa nagmamalas na mga hapon, ay ang tuwa at pasasalamat ng nasiyahang loob na mamamayan, ay ginamit ang paraang tuwina'y nagliligtas sa mga namumuno ngayon sa pagkapahiya kung ang kailangan nila'y ang maraming tao: padaluhin ang mga naglilingkod sa pamahalaan. Ang mga lalawigang hindi talagang nagpadala ng mga kinatawan, ay pinakatawanan sa mga kawaning tagaroon na nagsisipasok sa Maynila, at naglagay rin naman ng mga dagdag na kinatawang hugot din sa mga kawani upang makasapat sa bilang ng mga kinatawang dapat matipon. Sa pagpapahintulot ngang makapagbulakbol, nguni't dumalo lamang sa pulong, ang mga manggagawa sa iba't ibang sangay ng pamahalaan, gayon din ang karamihan sa mga kawani ng iba't ibang kagawaran; ang pulong nga naman ay sumigla, nagkatao ang lahat ng upuan at nang lumabas kinabukasan sa mga pahayagan ang larawang kuha roon, ay nakita ng lahat na maraming tao, siksikan halos ang mga uupan at nagkapanahon si G. Aquino at ang kanyang mga galamay, na magpalagay na kaharap nila, sa gayong pagkakataon, ang tunay na bayan. Kaylaki ng mga kababalaghang nagagawa ng ostiya!

(Buklatin sa pahina 12)

# Saksi Ko Si Rizal

**Kuwento ni JOSE C. CRISTOBAL**



**NANG SAKSIHIN NG LALAKI ANG PANGALAN NG MAGITING NA BAYANI NG LAHING KAYUMANGGI AY HUMUPA ANG POOT NG KANYANG ASAWA AT NAGTAMO SIYA NG KAPATAWARAN**

KATULAD sa ibang tanggapan, ang mga kawani sa amin ay may pagkakaisa. Nagkakaunawaan at hindi nagtatalo. Dahil dito, ang anumang kilusan sa aming tanggapan ay kailangan ang pakikibagay. Kung ano ang tugtog ay siyang sayaw, wika nga.

Sa ganang akin ay hindi masama ang makisama. Talagang dapat makiayon sa hilig ng aking mga ka-manggagawa.

Subali't sa aming tanggapan ay tila lumalabis ang bisyo. May mga pagkakataong nauubos lamang namin ang aming mga sahod sa walang kapararakan. Halimbawa'y ang pagsusugal, ang pagdalo sa mga sayawan na kung minsa'y inaabot kami ng umaga.

Ganyan ang buhay namin. Gaya-gaya kami. Kahit na namumuhi ang aming mga maybahay sa kinagagawian naming mga bisyo ay hindi namin pinapansin. Ipinagwawalang-bahala namin ang kanilang mga payo.

Ang huling kahibangan namin ay ang pagsulat sa "Pen Pals." Dito nabuhos ang aming mga kalooban. Lahat ay may kani-kaniyang pinadadalhan ng sulat na tinataguriang "kaibigan sa pangarap." Ako ay isa sa mga ito. Ang napili ko ay ang isang nagngangalang Marieta Patria. Siya ay nagtataglay ng labimpitong taong gulang. Ang taas ay limang paa at tatlong dali. Mahilig daw siya sa panonood ng sine, sayaw at langoy. Nanirahan sa 13 Manggahan.

Pagkalipas ng tatlong araw na paghihintay buhat nang padalhan ko siya ng unang liham, ay tumanggap ako ng sagot ni Marieta. Sa ayos ng pagkakasulat at himig ng pananalita ay mahihinuhang may mataas na pinag-aralan ang aking kaibigan sa panulat. Sabik na sabik kong binasa. Paulit-ulit... hanggang sa bigyan ako ng aming tsip ng isang madaliang gawain na kailangan daw tapusin sa hapong iyon.

Ganap na ika-apat ng hapon nang matapos ko ang gawaing ipinatupad sa akin ng aming hepe. Madali akong nanaog at umuwi ng bahay.

Kinabukasan...

Samantalang ako'y nagbabasa ng pahayagan ay naisip ko ang sulat ni Marieta. Dahil sa apurahang gawaing ibinigay ng aming puno nang sinundang araw ay hindi ko malaman kung saan ko naitago ang sulat. Hindi pa nagtatagal ang aking paghahanap ay sa-kukuliling ang aming telepono.

—Helo... helo... sino ba ito...? Ano kámo...? —tinig babae ang nagsasalita sa kabilang dulo ng kawad, —Ah, Marieta... kumusta ka...? Salamat at tumawag ka...

—Oo, —malambing na tugon ng aking kaibigan sa panulat,—ako ay tumawag sa iyo upang sa ganitong paraan ay maipabatid ko ang lahat. Huwag ka nang susulat sa akin. Ako na lamang ang tatawag sa iyo araw-araw. Dahil sa ikaw ang kaunaunahang tumugon sa aking anyaya kung kaya't maliban sa iyo ay wala na akong nais na makilala pa. Ikaw lamang ang aking itatangi. Ang aking pagibig ay idinaan ko sa sapalaran. Ang aking kapalaran ay ipinaubaya ko sa Tadhana. Kung sino ka man... maging ikaw ay matanda o bata; maging may asawa o wala; maging mayaman o mahirap at maging pangit o maganda ay walang kailangan. Basta't mamahalin ko. Kaya kung nanaisin mong ako ay makilala ay hihintayin kita sa tapat ng Simbahan ng Kiyapo sa Biyernes ng hapon. Ang hindi mo pagsipot ay tanda ng wala kang pagtingin sa akin. Diyan ka na... At, tandaan mong rosas ang isusuot kong bestido.

Parang biglang nagising ang naaalimpungatan kong diwa sa malalim na pangangarap nang marinig kong binitiwan ni Marieta ang awditibo ng telepono. Tila kinikiliti ang aking puso sa galak. At sa laki ng aking kasiyahan ay nasambit ko sa kalooban: "makakapaggudtaym din ako, pag nagkataon...!"

Biyernes ng hapon...

Sa harap ng simbahan ng Kiyapo...

Masusing sinasala ko ng tingin ang mga babaing nasa liwasan. At tila mandin binibiro ako ng pagkakataon. Ang mga babaing nangakatayong tila may hinihintay sa patyo ng simbahan ay pawang rosas ang kulay ng mga kasuotan. Hindi ko tuloy malaman kung sino sa kanila si Marieta. Kung sa bagay, ay walang pangit sa sino man sa kanila. Pulos magaganda. Nguni't aywan ba kung bakit nawalan ako ng lakas ng loob na lapitan ang sino man sa kanila.

Baka aniko tampal ang maging sukli ng aking kapangahasan. Hindi ko na hinangad na makilala noon si Marieta.

Umuwi akong nalulungkot at matamlay ang katawan. Hindi tuloy ako nakakain nang gabing iyon.

Sumunod na araw ay tanghali na akong pumasok. Mabigat ang aking katawan. Wala akong ganang magtrabaho.

Datapuwa't hindi pa ako nagtatagal sa aking pagkakaupo ay sa-tutunog ang aming telepono. Dalidali kong sinagot...

—Helo... Oo, ako nga... Marieta! —may galak kong saman bit bagama't tila ako nahihiya. —Patawarin mo ako. Hindi ako nakasipot pagka't biglang sumakit ang aking ulo, —pagsisinungaling ko pang wika.

—Wala ka segurong pagtingin sa akin, —may pagdaramdam ang tinig ni Marieta. —Nguni't bibigyan pa kita ng isang pagkakataon. Sa Linggo ng hapon, sa harap ng munumento ni Rizal sa Luneta ay aantayin kita. Makikilala mo ako sa dala kong payong. May patak-patak na pula. Tandaan mo... hihintayin kita sa Linggo ng hapon...

Nakahinga ako nang maluwag. Ang pagkakatawag ni Marieta ay nagsilbing hamog sa lanta kong katawan. Muli akong nagalak. Muli akong nasiyahan.

Linggo ng hapon... Salamat at wala ang aking asawa pagka't dumalo sa isang kaarawan ng aming kumpre. Isinuot ko ang pinakamagara kong damit. Ang hangad ko'y maging kaakit-akit sa pangmalas ni Marieta.

Ang taksing kinalulunan ko ay matuling sumisibad sa Dewey Boulevard. Nang nasa tapat na kami ng "Bay View Hotel" ay inatasan ko ang tsuper na magpatakbo nang marahan.

Habang nalalapit ang sasakyan namin sa Luneta ay nagkakanghahaba ang leeg ko sa pagsipat sa dako ng aming tipanan.

At, naroroon nga... nang ako ay matapat na sa monumento ni Rizal ay kitang-kita ko ang isang babaing nakaupo sa batong luklukan na ang payong ay may patak-patak na pula. Nakatalikod sa may gawi ko ang babae pagka't mainit pa noon ang araw.

Pagkabayad ko sa tsuper ay madali akong lumunsad. May kaba ang nagagalak kong puso. Nagtatalo sa isip ko ang kaanyuan ng pagkatao ni Marieta. Ipinaalipin ko na lamang ang aking sarili sa pampalakas-loob na "bahala na."

—Marieta, giliw ko... narito na ako...! —pinalambing ko ang aking tinig upang siya'y

(Buklatin sa pahina 12)

# Ang ARAW: Larawan ng Buhay



**Sanaysay ni LIGAYA D. PEREZ-DAVID**

**GAYA NG INILALAHAD NG MAY-AKDA, ANG ARAW AY LARAWAN NG BUHAY MULA SA PAGBUBUKANG-LIWAYWAY HANGGANG SA PAGTATAKIP-SILIM...**

I. BUKANG—LIWAYWAY

Ang manilaw-nilaw na liwanag ay sumusungaw sa silangan. Ang mga ginintuang silahis ay nakikipaghalikan sa maulap na langit. Ito ang ginintuang sinag sa ating paringin. Ang Araw ay lubhang kaayaaya kung siya'y umaakyat at ang buhay ay unti-unting sumasanib sa kaniya. Sa pagsilay ng Araw ay iniluluwal ang bagong buhay.

Ito ay ang tao sa kaniyang kabataan... isang sanggol na nababalot sa kagandahan at kawalang-malay. Ang mga pagsubok at matitinding kapansanan sa buhay ay walang kahulugan maliban sa isang tugtuging hindi mawatasan ng mura niyang isipan. Wala siyang kaalaman sa mga paghihirap at pagtitiis. Tanging ngiti... tuwa at ligaya ang kaulayaw ng puso ng kabataan.

Ang Araw ay patuloy sa kaniyang paggalaw. Ang kagandahan ng mga silahis nito'y nagdudulot ng kanais-nais na tanawin sa bughaw na langit.

At mayroon tayong kawiliwiling masasaksihan samantalang inihuhudyat ng Kalikasan ang maapoy na paglipad ni Apollo.

II. KATANGHALIAN

Lubhang maliwanag ngayon ang Araw!

Ang bata ay isa nang binata... isang baguntao sa kapusukan ng damdamin... sa katayugan ng kaniyang mga pangarap! Ang mga laruan ay di na niya pansin, itinabi niyang katulad ng mga pananamit na kaniyang napagkalakhan.

Maraming bagay sa buhay ang nasumpungan... pati ang pag-ibig. Pa-ibig! Ang walang kamatayang hari ng mga puso sa simula't simula. Naranasan niya ang pagkabigo sa unang pagsuyo. Nguni't nang lumaon, mga puso ang natutuhan niyang paglaruan.

Sumusumpa siya sa ngalan ng langit, sinasaksi ang Buwan at ang mga tala. Subali't ang lahat na ito'y dagling nalilimot at napapawi kasabay ng paglipas ng gabi.

Batid niyang siya'y kinagigiliwan ng marami. Taglay niya ang mga katangiang nakaaakit ng mga kaibigan... lalung-lalo na ng mga kadalagahan.

Umibig... magpaluha! Iyan ang kaniyang nakagawian, hanggang isang araw siya'y sapilitang tumikim ng pinakamapait na dita ng buhay.

Tunay ngang ang buhay na ito ay tigib ng mga pasakit at pagsubok. Nguni't ang kapalara'y di napakalupit upang siya ay dulutan ng mga pasakit na di niya kayang tiisin.

Ang bagay na piniga at dinurog ng lalaking ito sa kaniyang mga palad... ang pananalig ng isang babai... ay pumukaw uli sa kaniya upang ipakita ang mga bagong maririlag na tanawin, pangarap at pithaya.

Ngayon niya nadama ang katamisan ng wagas at dalisay na pagmamahal. Ang kahapo'y puso ng isang lagalag, ngayon ay naging bukal ng paglingap.

Dalawang pusong iisa ang tibukin! Buhay at pag-ibig! Pagtitiwala at karangalan! Mga ganap na sangkap ng isang tahanan!

Ama... ina... at mga anak. Sama-sama silang lumalakad sa liwanag ng ilawang tumatanlaw sa masuliraning landas ng buhay. At... kaniyang namalas ang kaluwalhatian ng mga ulap.

At sino ang hindi maaantig sa kaligayahang panlangit at sa mga kahanga-hangang likha ng pag-ibig?

III. TAKIP-SILIM

Ang mapanlaw na ilaw ng daigdig ay lalong nangulimlim. Ang anino'y lumaganap.

Ating hanapin kung nasaan na ang Araw. Ah, lumulubog na pala! Maaari kaya nating pigilin o antalahin sa kaniyang paglalaho upang mahintay ang pagdating ng tao? Ito'y hinding-hindi natin magagawa.

Narito ang tao... may tungkod sa kamay upang maalalayan ang katawan niyang hukot na katulad ng nagyukong malagintong uhay. Mga bakas ng kabataan ay naparam nang lahat. Ang dating maitim na buhok ay naging pinilakan. May mga guhit sa mukha. At isang ngiti ang namutawi sa tuyo niyang labi.

Siya'y napailing nang mamalas ang kagandahan ng lumulubog na Araw. Marahil ay ipinagkakamali ng taong ito ang pangarap sa mga gunita, sapagka't pinahid niya sa kaniyang mga mata ang maningning na mga patak ng tubig.

(X)

## KATOTOHANAN

**Maputlang aninong laging nakakubli**
**sa dilim na sulok,**
**bakit natatakot?**
**Ano't di lumantad sa mga mata ko**
**na malaong uhaw sa kaanyuan mo?**
**Ikaw na hiwagang hindi ko malirip**
**sana'y maghimalang sa aki'y lumapit!**

**Sa pagdurusa ko sa kawalang malay**
**bakit di tubusin**
**sa pagkaalipin?**
**Ikaw ang sandata na katatakutan**
**ng lahat nang sama't kasinungalingan;**
**Ikaw ang pag-asang magbibigay-buhay**
**sa aking pagsuyong malaon nang patay.**

**—VITO C. SANTOS**

# Linggohang Ulat Sa Kabuhayan

## Tinipon ni D. R. IÑIGO

Ang Hapon ay na sa kalagayan upang makabayad ng reparasyon sa Pilipinas, ayon sa isang ulat na iniharap ng kagawarang panlabas sa Malakanyang.

Inilahad sa ulat ang kalagayan ng kabuhayan sa Hapon at upang patunayan ito ay naglakip ng mga talang may kinalaman sa nayayari sa industriya, sa pakikipagkalakalan sa labas at sa pangkalahatang kasaganaan.

Ang ulat ay siyang bunga ng ilang buwang pag-aaral na ginawa ng misyong Pilipino sa Tokyo at ng mga ibang tanggapang itinalaga upang gumanap ng gawain.

Pinatunayan sa ulat na kahangahangang naragdagan ang produksiyon sa Hapon sapul noong 1946. Nakalikha sa rekord sa produksiyon sa 1950 sa maraming larangan, laluna sa karbon, kimika at sa mga kagamitang yari sa putik, gayon din sa idraulika.

Idinugtong na ang digmaan sa Korea ay nakapagpalakas sa kalakal sa Hapon. "Sa pagsapit ng kalahatian ng 1951, inaasahang ang Hapon ay makalalakad na mag-isa sa kaunaunahang pagkakatoan sapul noong magkadigma at ang tulong ng Estados Unidos na umaabot sa dalawang bilyong dolyar ay nakatakdang lubos na babawiin, dahil sa mabilis na pag-unlad sa kabuhayan ng Hapones."

———oOo———

Patuloy na mahigit sa P80,000,000 ang salaping nasa kabangyaman ng bansa. Inihayag ng kagawaran 'ng pananalapi na P81,046,057 ang kabuuang salaping iniingatan.

Ang salaping na sa kamay hangga noong Marso 31 ay itong sumusunod: sa mga kahang bakal ng tesoreria — P2,351,775; Banko Nasyonal, kuenta koriente A—P522,284; Banko Nasyonal, kuenta korlente B—P44,066,396, hindi nababayarang hiro postal sa kawanihan ng koreo — P33,115; Banko Sentral, hindi nagagamit na 'overdraft' — P15, 935,978; hindi natutuos na likumin sa Lunsod ng Maynila — P244,637; sa mga ibang lunsod at lalawigan — P10, 579, 379 at pondo sa napinsala sa digma na nakalagak sa Banko Sentral — P7, 310,491.

Ang natitira sa tanging pondo sa lansangan ay umaabot ngayon sa P59,188,092. Sapul sa huling ipinatalastas na nalikom at nagugol ay P40,566 ang nagugol samantalang P2,959 ang nalikom.

———oOo———

Isang pulo sa hilagang-kanluran ng Palawan ang inihahandog ni Kongresista Gaudencio Abordo sa pamahalaan upang maging sanayan ng mga mangingisda ng mga paraan sa pangingisda sa malalalim na karagatan sa ilalim ng pagtuturo ng mga teknikong Hapones.

Ang alok ay iba sa kahilingang ipinadala ni Lubin Nepomuceno, tagapamahala ng Nepomuceno Brothers, kay Salvador Araneta, tagapag-ugnay ng kabuhayan, na tulutan ang kanyang samahang makakuha ng mga teknikong Hapones at ilaan ang isang maliit na pulo na gagamitin ng mga Pilipino sa pag-aaral ng mga pamamaraang Hapones sa pangingisda.

Ipinahayag ni Kongresista Abordo na naiharap na niya sa kongreso ang isang bill na nagtatatag ng paaralan sa pangingisda at ang pagtatatag ng isang imbakan ng isda sa Palawan. "Ang pagkuha ng mga teknikong Hapones," anya, "ay naaalinsunod sa mga layunin ng aking panukala at dahil dito ay dapat magsakit ang pamahalaan upang mapagkalooban ng lahat ng makakayang tulong si Lubin Nepomuceno sa pagsasakatuparan sa kanyang layunin."

———oOo———

Si Gobernador Fortunato F. Halili, hari ng transportasyon sa bus at indutsriyal, ay buong pagkakaisang nahalal na pinunong kinatawan ng National Land Transportation Operators Association, upang magsuri sa mga pabrika ng automobil at goma sa Hapon at sa mga iba pang industriyang may kaugnayan sa transportasyon sa lupa.

Hiniling kay Gobernador Halili ng samahan na gumawa ng pagsusuri sa layong makapagbukas dito ng mga planta na kahambing ng matatagpuan sa Hapon.

———oOo———

Ang malalaking transaksiyon ng mga ariariang hindi natitinag sa loob ng linggo ay itong sumusunod:

Isang lupain na may 7,152.9 metrong parisukat sa Sobriedad, Sampalok, binili ni Vidal A. Tan mula kay Angela I. Tuason sa halagang P140,000;

Isang lupaing may 1,445.6 metrong parisukat sa Lamayan, Santa Ana, nabili ni Antonio U. Miranda kay Joaquin Riu at Planas sa P75,000;

Isang lupaing may 7, 152.8 metrong parisukat sa Avenida Piña, Sampalok, ipinagbili ni Pilar U. Miranda sa United Investment Corporation sa halagang P61,824;

Isang loteng may 188.71 metrong parisukat sa Holo at Plaza Calderon de la Barca, ipinagbili ng Cu Unjieng Hnos., Inc., sa Metropolitan Enterprises Inc., sa P45,000; Isang loteng may 56.05 metrong parisukat sa P. Herrera, Tundo, ipinagbili ni Juan Nolasco, Jr., kay Pablo M. Sarangaya sa halagang P35,000; at

Isang loteng may 88.1 metrong parisukat sa Evangelista, Santa Cruz, ipinagbili ni Modesta Carreon kay Mercedes R. Rodriguez.

Isang lupaing may 1,177.8 metrong parisukat sa Pi y Margal, panulukan ng Cordillera, Santa Mesa Heights, ipinagbili ni Paz Nabong sa Premiere Productions, Inc., sa halagang P17, 881.60 at ipinagbili uli kay Potenciana Aquino sa halagang P25,467.50.

———oOo———

Ang mga may pagawaan ng muebles ay nagtatag ng samahang pinamagatang Filipino Furniture Manufacturers Association at si Gonzalo Puyat ay siyang nahirang na tagapayo.

Ang nahalal na mga pinuno sa kasalukuyang taon ay ang mga sumusunod: Francisco J. Nicolas ng Nicfur Furniture Inc., pangulo; Ner Lopez ng Launer Furniture and Upholstering Company, Inc., kalihim tagaingatyaman.

Ang lupong patnugutan ay binubuo ng mga pinuno at kinatawan ng mga sumusunod: Baluyut Furniture Company, Valimex Furniture Company at Portillo Auto Seat Cover Factory

———oOo———



*Kuha ito sa minindal na inihandog ni Abogado Cirilo Paredes, bagong pangulo ng Nalatroa, sa karangalan ng mga ibang pinuno ng samahan. Makikita sina Chas. S. Miller, paalis na tagapamahalang pangkalahatan ng Firestone Tire sa Pilipinas at ang hahalili sa kanya na si Komandante Tim Holt, bukod kina Gobernador Fortunato F. Halili, Gng. Soledad A. Verzosa at maraming iba pa.*

Ang Philippine Society of Mining, Metallurgical and Geological Engineers ay naghalal ng bagong pamunuang gaya ng sumusunod:

Lupong patnugutan: Leopoldo F. Abad, Ramon Abarquez, Arturo Alcarez, M. M. Aycardo Jr., Lazaro Cruz, Lauro Ferrera, Nemesio Gamatero, N. N. Lim at Jose Q. Quema.

Lupong-pamunuan: M. M. Aycardo, Jr., pangulo; Lazaro Cruz, pangalawang pangulo; Ramon Abarquez, kalihim at Leopoldo F. Abad, tagaingat-yaman.

# SA LIKOD NG PUTING-TABING

nina L. S. MANABAT at E. V. RAÑOLA

Ang maningning na bituin ng Sampaguita Pictures, si Tita Duran, ay nagluwal kamakailan ng kambal na supling. Ang balitang ito'y naging matunog sa lipunang kanyang kinabibilangan, lalung-lalo na sa daigdig ng mga aninong gumagalaw. At mangyari pang higit sa lahat ay sina Tita at Pancho ang lalong naliligayahan sa di nila inaasahang "biyaya" sa kanila ng langit.

—oOo—

Nagluluksa ang madla dahil sa pagyao ni Luningning, isa sa mga tampok na pangalan sa puting-tabing na lumikha ng sariling niyang katanyagan sa malalaking pelikulang nilabasan niya sapul noong bago magkadigma. Si Luningning ay may isang daigdig ng tagahanga at ang kanyang pagpanaw nang wala sa panahon ay ipinangungulila ng maraming puso, lalo't higit ng mga kaluluwang karugtong ng kanyang buhay.

Sa pagtungo ni Luningning sa kabilang daigdig, ay taglay niya ang pagdadalamhati ng bayan... Samantala'y maliwan sa ating gunita ang walang maliw na alaala ng kanyang makulay na buhay sa ating piling!

—oOo—

Isang araw ay biglang nagkagulo sa isang munting bayan-bayanan sa may pagkalabas ng Maynila. Nagtakbuhan ang mga tao at lahat ay sumugod sa pook na kinatatayuan ng isang marilag na babaing bigla nà lamang sumipot sa naturang pook. Sa simula'y nag-akala ang mga taong bayan na nanaog sa lupa ang isang makapangyarihang diyosa ng kagandahan, nguni't nang maliwanagan ang lahat, nabatid nilang ang kanilang pinagkakaguluhan ay isa lamang palang siyuting ng "DARNA" ng Royal Productions. Ang dilag na nagiging sanhi ng kanilang panggigilalas ay walang iba kundi si Rosa del Rosario na siyang tumutupad ng papel na "Darna" sa naturang panoorin.



**Si Arturo Delgado, bagong tuklas ng LVN, na mapapanood sa "PRINSIPE AMANTE SA RUBITANIA." Ngayon pa'y hinuhulaan nang siya'y madaling "sisikat" at mapapabilang sa mga pangunahing bituin.**

—oOo—

Sa isang pagsasalu-salo ng mga bituin bilang parangal sa isang kasama, ay may naganap na nakatutuwang pangyayari. Nang sila'y magsisimula nang kumain, si Lou Salvador ay dinulutan ng tagapaglingkod ng tatlong pinggang kanin at kung ilang pinggang ulam na iba't ibang putahe. Binigyan din siya ng dalawang piling na saging at isang galong sorbetes. Nagtaka si Lou at napatingin sa walang-kaimik-imik na tagapaglingkod.

"Binibiro mo ba ako...?" ang nagtatawang nasabi ni Lou Salvador.

"Aba, e... hindi ho!" sagot ng tagapaglingkod. "Hindi ho ba sa pelikulang DAVID AT GOLIATH ay kumain kayo ng dalawang malalaking tinapay na nagkakahalaga ng dalawampu't apat na piso?"

Tumango ang direktor-aktor.

"Kaya ko kayo dinudulutan ng ganyang karami..." patuloy ng tagapaglingkod, "ay upang matugunan lamang ang hinihingi ng inyong sikmura, tulad ng ginawa ninyo sa DAVID AT GOLIATH."

Nagtawa si Lou Salvador at tinapik sa balikat ang kausap. "Nakakatawa ka, kaibigan. Iyon ay sa pelikula lamang... nguni't sa katotohanan, ako'y hindi naman gayon kalakas kumain!"

—oOo—

"Hayan si Bernardo Carpio!" ang tila nanggigilalas na sambit ng isa naming kasama sa pasulatan, isang araw na kami'y nagkakatipun-tipon.


Nang balingan namin ng tingin ang kanyang tinutukoy ay nakita namin ang isang makisig na lalaking maganda ang pangangatawan na naglalakad sa may tabi ng lansangan sa kabilang ibayo ng aming tanggapan.

"Hayan si Bernardo Carpio..." ulit ng aming kasama, sa kabila ng aming tila pagwawalang-bahala pagka't akala nami'y nagbibiro lamang siya.

Sa isang parang sinadyang pangyayari, nang mga sandaling iyon ay isang trak ang nasiraan ng makina sa aming tapat at hindi mapalakad ng tsuper. Bagama't walang nakikiusap, ang lalaking tinutukoy ng aming kasama ay dagling kumilos at itinulak ang trak sa pamamagitan lamang ng isang kamay, hanggang sa muling tumakbo ang sasakyan.

Nanggilalas kami sa aming nasaksihan. Naisaloob naming ang lalaking iyon ay nag-aangkin nga ng pambihirang lakas na tulad ni Bernardo Carpio.

Nang lubusan naming makilala ang makisig na lalaki, nabatid naming siya'y si Cesar Ramirez ng Sampaguita Pictures na siyang gumaganap ng pangunahing papel na lalaki sa "BERNARDO CARPIO" ng naturang samahan.



**Isang marikit na tagpo sa "SANTA CRISTINA" ng Premiere na pinamamahalaan ni Direktor Eduardo de Castro at tinatampukan nina Arsenia Francisco at Efren Reyes.**



Sa marikit na tagpong makikita sa itaas na kuba sa isang siyuting sa "NASAAN KA, GILIW" ng LVN ay mahuhulaan na kung gaano karikit ang nasabing pelikula. Ito'y pinamamahalaan ni Joe Climaco, at pinangungunahan nina Tessie Quintana at Mario Montenegro.



Ang tagpong iyan na kuba sa "BERNARDO CARPIO" ng Sampaguita Pictures ay nagpapatunay na di alangan kay Cesar Ramirez ang pagtupad ng pangunahing papel sa nabanggit na panoorin. Maliwanag na makikitang ihahagis ni Cesar ang isang kaaway sa pamamagitan ng isa lamang kamay, samantalang nangapapamaang ang mga kaharap.



Isa pang tagpo sa nababalitang pelikula ng Premiere, ang "SANTA CRISTINA," na naglalarawan ng magandang kasaysayan ng isang santang buong pusong inihandog ang buhay at kaluluwa sa paglilingkod sa Maykapal.





*Mga Moda Ng Damit*




















# PALAISIPAN ng BAGONG BUHAY



**PAHALANG**


1. Pato
5. Guhit ng lupain
9. Salamangkerong samaritano ng unang siglo
14. Pangalang moro
15. Hayo
16. Itigil
17. Sisidlang metal
18. Kahel (huling pantig)
19. Siyasatin
20. Gusto
21. Pagpapagunita
23. Pagdurog ng batuhan (kinaltas ang unang titik)
24. Paggawa ng mabuti sa kapuwa
26. Ikaw at ako
27. Katas ng kinudkod
28. Inutang (huling pantig)
31. Pagtatanod sa patay
34. Nagyaman
37. Intindi
38 Sasampa
39. Kabayong pangarera
41. Ugaog
43. Kundangan (kinaltas ang unang titik)
44. Away
45. Pangkat ng musikero (huling pantig)
47. Naging makasangkapan sa tagumpay ng kasunduan sa Biac-na-bato (katagian, titik ng pangalan at apelyido)
52. Ilas
54. Dabog
55. Pangunang lansangan sa Intramuros
56. Panimulang tanda ng karamdaman
58. Karne (kinaltas ang unang titik)
59. Sanga ng kawil
60. Iukol
61. Punong buhay ng halaman
62. Paraan ng pagsisiyasat ng hapon (pinatihuli ang unang titik)
63. Maalat na balatong
64. Sandatang hinihigit
65. Mariano

**PABABA**

1. Pag-uwi sa pinanggalingan
2. Ilinis ng damit
3. Alpas
4. Ipayayari
5. Maraming katas (sa kahoy)
6. Hindi bagay
7. Pangulay ng tabla
8. Akma (unang pantig)
9. Paraan (unang pantig)
10. Ikulong
11. Maglaro ng baraha
12. Bituing mang-aawit ng Pilipinas
13. Katagang pang-ukol panahon
19. Yugyog
22. Huwag dalhin
25. Umoo
29. Galaw ng tubig
30. Taguri sa matandang lalaki
31. Ariariang di natitinag
32. Bulong
33. Subukan ng goma sa Mindanaw
35. Kunat
36. Naging kalihim ng digma ng EU
40. Magandang palayaw ng babae
41. Tuntungan
42. Wari
46. Lusaw
47. Pambomba ng insekto
48. Kapital ng Tsekoslobakiya
49. ...Regente (lansangan sa Binundok)
50. Katagang pang-atas na sumunod
51. Lider-manggagawa sa MRR
52. Embargo
53. Habi
57. Gapas
61. Pamantasan ng pamahalaan (sa ingles, pantitik)

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot Sa Nakaraan




## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Marso 25

1. **Bb. Anita C. Trinidad — 43 Zulueta St., Kabanatuan, N. E**
2. **Vicente Calma — 814 Soler, Sta. Cruz, Maynila**
3. **Gng. Guadalupe Braceros — 35-B 8th Ave., Grace Park, Rizal**
4. **Egmidio Jusay — Makulot, Cuenca, Batangas**
5. **Perfecto Martinez, 915 Union, Pako, Maynila**

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: **PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.**

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng **PALAISIPAN** ay hindi pahahalagahan. Ang mga nanalo na sa **PALAISIPAN** na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanaluning muli.)



## Sa Pagyao . . .

balik ang magkabilang pisngi nito, nguni't nagtumulin ang paetakas ng mapuputing bubog sa kanyang mga mata

Lumuluha ka, Herminia? tagtatakang usisa ng pinsan

Nakapako ang kanyang mga paningin kay Marcial. Sa pamamagitan niyon ay naipahayag niya ang buong dinaramdam ng kanyang puso, ang buong nilalaman ng kanyang kaluluwa.

--Herminia... —ulit ni Sonya. --lumuluha ka?

—Ah... —saka pa lamang niya napansin ang kanyang katayuan nang mga sandaling iyon. —e... wala... walang anuman ito, pinsan! Ako'y nagagalak... Ibig kong makihati sa katuparan ng aking mga dalangin, na sa araw na ito'y maging maligayang-maligaya kayo ni Marcial.

Pagkasabi ng mga katagang iyon ay naramdaman niyang unti-unting nangangapos ang kanyang hininga. Para siyang nauupos na kandila at biglang-bigla ang pagdidilim sa kanya ng buong paligid, hanggang sa siya'y tuluyang malugmok at takasan ng ulirat.

—HERMINIA!!... Herminia!!... —ang naalimpungatan niyang naulinigan habang inuulog ang dalawa niyang balikat.

Nang magbalik ang kanyang ulirat ay saka pa lamang niya nabatid ang buong katotohanan.

--Marcial... —bahagya pang nangangapos ang kanyang tinig. --akala ko'y totoo ang aking napanaginipan!

Malakas na nagtawa ang lalaki matapos ikuwento ng asawa ang napangarap nito. Nakabakas pa rin ang natuyong mga luha sa mukha ng magandang asawa ni Marcial, si Herminia.

Nang makainom na si Herminia ay saka pa lamang naglu-wag-luwag ang pagsisikip ng kanyang dibdib at ang waring pangangapos ng hininga.


--Limutin mong lahat ang iyong napanaginip. — wika ni Marcial sa asawá.--Sa linggong darating ay magbabakasyon tayo kina Sonya, sa Sapang-Kawayan at ibig kong ang pinsan mong iyon ang siyang mag-angkin sa unang pamumulaklak ng ating pag-iibigan, mahal ko

Talagang pilyo ka, Marcial! at nayakap ni Herminia ang asawa na kinurot pa sa isang bisig habang nakasungaw sa kanyang mga labi ang matatamis na ngiti ng katapatan at pagtitiwala. (X)


# Sa "merienda," at kailan man... Maiibigan ninyo ang Masarap na STAR MARGARINE!



Ang pagkain ng tinapay, puto, o bibingka ay isang tunay na kasiyahan kapag may nakahandang sariwa at malinamnam na ... STAR Margarine! Opo! ... pambihirang linamnam ng STAR Margarine ay kinagigiliwan ng *lahat* saan mang dako ... kailan man! Totoong masagana ang STAR sa nakalulusog na bitaminang A at D. Kaya't kumain ng marami nito ... Inyong maiibigan ang kasiya-siyang lasang taglay ng STAR, at lalakas ang inyong katawan!




*Ang katakam-takam na linamnam ng STAR Margarine ay nagdudulot ng kasiyahan sa pagkain!*



Mainam ang pagkakahinang ng lata ng STAR Margarine ... natitiyak sa inyo ang katutubong kasariwaan, pambihirang linamnam, at mga sangkap na pampalusog!

## Stars for Flavor!

# *Nagpapabilis sa pintig ng puso!*

**Magkamit ng isang higit na malambot at makinis na kutis. . . sa inyong unang pastilya ng Camay!**





**Camay pa rin na inyong paliligo Kagigiliwan ninyo ang tumatagal na halimuyak ng Camay. Matagal na kayong nakapaligo, ay nananatili pa rin ang kasariwaang tulad ng bulaklak. . .isang halimuyak na nakaaakit sa kalalakihan.**

Ani Cristina Aragon:
...romansang malapitang pagkuha
...nangangailangan ng kagandahan. Kailan

**...inyong unang pastilya ng Camay:**
*...iyan ma-aakit na inyong nakahahalinang bagong kaanyuan. Tunay, sapagkat ang kagandahan ay napasasainyo. . .sa pamamagitan ng higit na kaibig-ibig na kutis Camay. Kaya gumamit ngayon ng kalugod-lugod na mabangong Camay.*




**ANG SABON NG KAGANDAHAN**